
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 13: Pagpapapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 13: Pagpapahayag ng Opinyon o Reaksiyon sa Napakinggang Balita, Isyu o Usapan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Heloise N. Fangco |
| **Editor:** | Marijo N. Panuncio |
| | Albert John P. Aquino |
| **Tagasuri:** | Francisca L. Pinos |
| | Ma. Gemma A. Bimbao |
| | Celestino S. Dalumpines IV |
| **Tagaguhit:** | Jonard A. Villarde |
| | Swelyn E. Forro |
| **Tagalapat:** | Esmeralda A. Dagmil |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma |
| | Salvador O. Ochavo, Jr. |
| | Elena P. Gonzaga |
| | Jerry A. Oquindo |
| | Segundina F. Dollete |
| | Shirley A. De Juan |
| | Merlie J. Rubio |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 13: Pagpapapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling pagpapahayag ng sariling opinyon o reaksyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan sila ng pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling pagpapahayag ng sariling opinyon o reaksyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan!

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |

| | |
|---|---|
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



Kumusta ka na kaibigan? Naaalala mo pa ba ako? Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na makakasama mo sa iyong paglalakbay. Binabati kita dahil natapos mo ang ikalabindalawang modyul. Ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay sa ikalabintatlong modyul.

Nakahanda ka na ba sa panibagong paglalakbay? Sigurado ako na mas magiging masaya ka dahil mag-uusap tayo patungkol sa mga usapin sa ating lipunan.

Pagmasdan mo ang iyong paligid. Pakinggan mo nga sa radyo at panoorin naman sa telebisyon ang balita tungkol sa mga isyung panlipunang kinahaharap ng ating bansa.

Kaibigan, ano ang masasabi mo patungkol dito at ano ang iyong reaksyon noong napakinggan at napanood mo ang mga iyon?

Sa modyul na ito ay matututuhan mo ang pagpapahayag ng sariling opinyon o reaksiyon sa mga mapakikinggang balita, isyu o usapan.

Pagkatapos ng aralin ikaw ay inaasahang taglay ang kasanayang:

- naipapahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan **(F6PS- lj-1)**

Paalala lang kaibigan na bawat bahagi ng modyul na ito ay nagtataglay ng mga gawain na susubok sa iyong kakayahan. Huwag kang mag-alala dahil naririto naman ako na nakahandang gumabay sa iyo. Sundin mo lang ang aking mga panuto at gawain ang ipagagawa. Handa ka na ba? Tayo na!

## *Subukin*

**PAUNANG PAGTATAYA**


**Panuto:** Piliin ang letra ng angkop na reaksiyon sa sumusunod na mga isyu o pangyayari. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Magkaroon nang sapat na tulog at pahinga upang maging handa sa mga gawain.
   A. Walang pakialam sa kalusugan.
   B. Minsan, hindi natin iniintindi ang ating kalusugan.
   C. Ang ehersisyo ay walang mabuting idudulot sa ating katawan.
   D. Ang sapat na tulog at pahinga ay may mabuting naidudulot sa ating katawan.
2. Madalas, ang pagsisinungaling ay nagdudulot ng kawalan ng tiwala.
   A. Masaya kapag nakalusot sa pagsisinungaling.
   B. Ang pagsisinungaling ay nakapagdagdag ng tiwala sa sarili.
   C. Sa pagsisinungaling, marami kang kaibigang maniniwala sa iyo.
   D. Iwasan ang pagsisinungaling upang makuha ang tiwala ng kapuwa.
3. Ang pagkakaroon ng *curfew* mula alas - 9 ng gabi hanggang alas - 4 ng umaga.
   A. Isigaw sa lahat ang ordinansa.
   B. Pagwawalang bahala sa ordinansa.
   C. Pabayaan ang mga napagkasunduan.
   D. Sinusunod nang wasto ang bagong ordinansa.
4. Ang ating karanasan sa buhay ay nagbibigay sa atin ng inspirasyon. Malungkot man o masayang karanasan ay magsisilbing instrumento sa ating pag-angat sa buhay.

   A. Talagang umangat ang tao dahil sa sariling pagsisikap.
   B. Magandang karanasan lamang ang dapat maranasan sa buhay.
   C. Malungkot man o masayang karanasan ay magbibigay ito ng aral sa ating buhay.
   D. Masama ang aking loob sa mga taong nagbibigay sa akin ng malungkot na karanasan.

5. Pinatunayan ni Teresa Magbanua na ang Pilipino ay handang magsakripisyo at magbuwis ng buhay para sa kalayaan ng bayan. Nanalaytay sa kaniyang dugo ang giting at tapang ng isang tunay na Pilipino.

    A. Matigas ang ulo ng mga Pilipino.
    B. Walang pakialam ang karamihan sa atin.
    C. Mahilig makipagdigmaan ang mga tao sa Pilipinas.
    D. Ipagmalaki ang mga Pilipino na handang lumaban sa kalayaan ng ating bansa.




# Aralin 1 Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Napakinggang Balita, Isyu o Usapan

**K**umusta ka kaibigan? Nasasabik ka na ba sa bagong araling ating tatalakayin? Sana ay maging handa ka sa mga pagsubok na darating sa modyul na ito. Galingan mo ha!



## *Balikan*



**K**aibigan! Bago tayo tuluyang maglayag, magbalik-tanaw ka muna kaugnay sa paksang ating pinag- aralan noong nakaraang talakayan. Naalala mo pa ba ang angkop na pagbibigay ng pamagat batay sa binasang talata? Magaling! Halina't muli nating balikan. Ngayon, batid kong kayang-kaya mong gawin ang susunod na gawain. Gawin mo na!

**Gawain 1: Balikan mo, Natutuhan mo!**


**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga talata at ibigay ang angkop nitong pamagat. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang niyog ( cocos nucifera ) ay may karaniwang taas na 6 na metro o higit pa. Natatangi sa lahat ng puno ang niyog sapagkat bawat bahagi nito ay maaari ring sangkap sa paggawa ng sabon, shampoo, at iba pa.

Ang pamagat ng binasang talata ay______________________________.


2. Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiral ang pagmamahalan, pagkakaisa at pagtutulungan upang lalong tumibay ang pagsasamahan ng isa't isa. Ano mang problema ang dumating, kailangang mapanatiling buo at matatag ang pamilya. Bukod dito, biyaya ng Diyos ang ating pamilya kaya't patuloy mong ingatan.

Ang pamagat ng binasang talata ay______________________________.



**M**agaling! Upang lalo mo pang mapagyaman ang iyong kaalaman kaugnay sa paksang tatalakayin, maghanda ka at tuklasin ang tungkol sa ***Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Napakinggang Balita, Isyu o Usapan .*** Sige, simulan mo na!

## *Tuklasin*



**N**gayon ay bigyan natin ng reaksiyon o opinyon ang ating narinig maging ito man ay mabuti o di pagsang-ayon sa ating iniisip. Alam mo ba na ang bawat isa ay may karapatan at kalayaang magpahayag ng sariling saloobin siguraduhin lamang na ang ating sinasabi ay hindi nakakapanakit ng kalooban ng ating kapuwa.

**M**agbabasa tayo kaibigan! Humanap ka ng iyong kasama sa bahay na magiging kasama mo sa pagbabasa at habang binabasa ito unawain mo sana nang mabuti. Pagkatapos ay sasagutin mo ang katanungang kaugnay dito. Nakahanap ka na ba? Simulan mo na!

**Baitang 6 na Mag-aaral, Pinarangalan**

**Ni Heloise N. Fangco**

Pinarangalan ang isang mag-aaral ng Baitang 6 ng Sta. Elena Elementary School, matapos nitong sagipin ang dalawang batang nalulunod sa Bayan ng Santa Elena.

Kinilala ang mag-aaral na si Rodolfo Rubio, 12 taong gulang at nakatira sa Badiang, Sta. Elena, Quezon at nag-iisang anak nina G. at Gng. Mario Rubio.

Ayon kay Rubio, naliligo siya sa ilog nang biglang lumakas ang agos at nakita niya ang mga biktima na nahirapang lumangoy kaya tinulungan niya ito.

**K**aibigan, naunawaan mo ba ang tungkol sa iyong nabasa? Ano ang iyong reaksiyon matapos mong pakinggan ang balita?



A. 

B. 

C. 

D. 



## *Suriin*

**A**lam mo ba na ang **opinyon o reaksiyon** ay pagpapahayag batay sa makatotohanang pangyayari. Masasabi rin natin na ito ay sariling opiyon ng isang tao tungkol sa isang isyu o usapin. Ito rin ay bunga ng nararamdaman lang niya kung paano niya naintindihan ang isang bagay.




**B**asahin sa ibaba ang kahulugan ng mga imahe o larawan. Ito ay mga angkop na opinyon o reaksiyon na posibleng iyong naramdaman matapos mong marinig ang balita, isyu o usapan.













## *Pagyamanin*

**Gawain 2. Opinyon mo, Ipahayag mo!**
Panuto: Ipahayag ang opinyon o reaksiyon sa isyu. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**Isyu: Pagpapadala ng *modyul* sa mga bata sa kanilang tahanan.**

## Gawain 3. Unawain mo

**A.** Panuto: Basahin at unawain mo ang balita. Pagkatapos ay sagutin ang kasunod na tanong. Piliin ang titik ng iyong sagot at isulat ito sa sagutang papel.

**3 Nanay Wagi bilang Super Nanay ng Taon**

**ni Heloise N. Fangco**

Idineklarang Super Nanay ang tatlong ina dahil sa kanilang kontribusyon sa kanilang pamilya at barangay sa Torio, San Jose, Batangas, kahapon.

Kinilala ang mga nanay na sina Maria Fuentes, Rosarita Young at Dolores Ybut nang mapagtapos nila ang lahat ng kanilang mga anak sa kolehiyo at makatulong bilang miyembro ng Volunteer kontra Disaster sa kanilang barangay.

Dagdag pa, tsampeon din ang tatlo sa Gulayan ng Barangay tuon sa Backyard Gardening na isinusulong ng Barangay Council.

Ayon kay Hon. Mario San Juan, alkalde ng bayan silang tatlo ay hindi lamang naging huwaran sa kanilang pamilya kundi naging magandang halimbawa para sa lahat.

“Natutuwa ako sa mabuting halimbawang ipinakita ng mga super nanay natin,” dagdag pa ni Hon. San Juan.


Samantala, bawat isa ay nakatanggap ng tropeo, medalyang ginto at Sampung Libong piso.

1. Kung ikaw ang isa sa mga pinarangalan ano ang iyong magiging reaksiyon tungkol dito?

   A. Magiging malungkot .
   B. Wala na akong pakialam sa ibang nanalo.
   C. Masaya ako dahil sa natanggap na parangal.
   D. Galit ako dahil kasama ko sa nabigyan ng parangal ang aking kaaway.

**B. Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang usapan sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang tanong sa ibaba at isulat sa iyong sagutang papel.

***Nagkasalubong sina Aling Bianing at Aling Celsa sa simbahan. Narito ang usapan nila.***




**Kung ikaw si Aling Celsa magagalit ka ba? Bakit?**

**C. Panuto:** Ibigay ang iyong reaksiyon sa sumusunod na isyu. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Dapat bang ipagpaliban ang pasukan ngayong taon?

2. Sang-ayon ka ba sa panukalang, “Bakuran mo, Linisin mo?”

3. Dapat bang paigtingin ang *curfew* sa lugar na may maraming kasong COVID 19?



## *Isaisip*

**Gawain 4. Punan mo!**

**A.** Panuto: Punan ang sumusunod na talahanayan tungkol sa iyong natutuhan at ipaliwanag kung gaano ito kahalaga.

| **Ano ang iyong mga natutuhan?** | **Gaano ito kahalaga?** |
|---|---|
| | |
| | |

## *Isagawa*

**Gawain 5. Sagutin mo!**

**Panuto:** Piliin ang letra ng iyong sariling opinyon o reaksiyon. Ipabasa ang mga isyu/sitwayon sa magulang o nakatatandang kapatid. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Gumamit ng *helmet* tuwing nakasakay o umaangkas sa motor.

A. 

C. 

B. 

D. 

2. Pamimigay ng gobyerno ng ayuda o *Social Amelioration Fund* (SAF) sa mga benepisyaryo nito sa panahon ng pandemya na dulot ng *COVID 19.*

A. 

C. 

B. 

D. 

3. Marami sa ating mga kababayan ang nagpaabot ng tulong sa mga kapus-palad nating kababayan.

A. 

C. 

B. 

D. 

**Panuto:** Pakinggan ang magulang o kamag- anak habang nagbabasa ng balita at ipahayag ang sariling opinyon o reaksiyon ukol dito.

**Mayor Cruz Nanguna sa Pasinaya**

**Ni Heloise N. Fangco**

Pinangunahan ni Hon. Clarito Cruz, alkalde ng Lungsod San Agustin ang pasinaya ng *Quarantine Center* sa kanilang lungsod, kahapon.

Ang center ay proyekto ng lungsod at ng pamahalaang probinsiyal upang tulungan ang mga positibo sa COVID 19 ng kanilang bayan at probinsiya.

"Alam ko na makatutulong ito sa mga kababayan natin na positibo sa COVID. Ito'y isang pagkalinga ng mga opisyales ng ating bayan. Hindi lang mga taga-San Agustin ang makabenepisyo nito, dahil bukas din ito sa ating mga kababayan sa buong probinsiya," sabi ni Mayor Cruz.

Dinaluhan ng mga opisyales ng bayan, mga mamamayan ng Lungsod ng San Agustin at mga doktor at nars ng kalapit na ospital.

"Malaki ang pasalamat natin kay Mayor Cruz dahil sa proyektong ito. Alam naman natin na siksikan na ang mga pasyente sa ospital ng ating bayan. Maliban diyan para na rin sa kapakanan ng mga pasyente na hindi mahawaan ng pandemyang ito," pahayag ni Dr. Leoncio Mosquera, punong doctor ng lungsod.

May 50 na kuwarto at kompleto sa mga pasilidad pang *medical* ang naturang Quarantine Center.

4. Ano ang reaksiyon mo sa center na proyekto ng lungsod at ng pamahalaang probinyal?

A. 

C. 

B. 

D. 

5. Ano ang reaksiyon mo nang pasalamatan ni Dr. Leoncio Mosquera, punong doctor ng lungsod si Mayor Cruz?

A. 

C. 

B. 

D. 



## *Tayahin*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

**Panuto:** Pakinggan ang magulang o kamag - anak habang binabasa ang mga isyu at ipahayag ang sariling opinyon o reaksiyon. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Pagpupuyat at pagkahilig ng kabataan sa paglalaro ng mga *Online Games*.

   A. Dapat tangkilikin ang ganitong klase ng laro.
   B. Pabayaan ang kabataan na tangkilikin ang *Online Games*.
   C. Suportahan ang ganitong klase ng laro.
   D. Dapat iwasan ang pagkalulong ng kabataan sa *Online Games*.

2. Ang *COVID 19* ay nagbigay daan sa mga Pilipino na magkaroon ng gulayan sa tahanan para makatipid at makakain ng sariwang gulay.

   A. Makapagtinda siya ng gulay sa kanilang lugar.
   B. Wala kaming bakuran kaya hindi kami nakapagtanim.
   C. Nadagdagan ang trabaho sa tahanan at nakapapagod.
   D. Sa halip na lumabas at bumili sa tindahan mamimitas na lang ng sariwang gulay sa mismong bakuran.

3. **Isyu:** Pagkahilig ng mga tao sa *Online Shopping* sa panahon ng pandemya upang maiwasan ang pagdami ng kaso ng *COVID 19*.

   A. maaawa
   B. masisiyahan
   C. maiiyak
   D. matatakot

4. **Isyu:** Pagbabawal sa paglabas ng bahay ng mga batang may edad 20 pababa sa panahong may pandemyang *COVID 19*.

   A. susunod
   B. iiyak
   C. magrereklamo
   D. hindi susunod

5. **Isyu:** Isa sa paraan ng pagtuturo ay isasagawa sa himpapawid o radyo.


   A. maiiyak
   B. sisigaw
   C. malulungkot
   D. mahihirapan


6. **Isyu:** Pamimigay ng ilang politiko ng gadyet para sa mga mag-aaral.

   A. maaawa
   B. magagalit
   C. masisiyahan
   D. matatakot

**Panuto:** Pakinggan ang magulang o kamag-anak habang nagbabasa ng isang usapan.

**Sabado nang umaga. Nagkasalubong sina Aling Daniela at Aling Romina sa kalye.**






7. Ano ang reaksiyon mo sa sinabi ni Romina na ibebenta niya ang matatanggap na isang kilong baboy at manok?

A. maaawa
B. magagalit
C. masisiyahan
D. matatakot

8. Ano naman ang reksiyon mo nang sawayin ni Daniela si Romina?

A. maaawa
B. magagalit
C. matatakot
D. masisiyahan

9. Ano ang iyong reaksiyon tungkol sa kanilang usapan?

A. 

C. 

B. 

D. 

**Panuto:** Makinig nang mabuti sa magulang o kamag-anak habang binabasa ang balita. Piliin ang angkop na sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

**Munisipyo ng Jamindan Pinasara**

Upang madisinfect at mapigilan ang pagkalat ng *COVID-19* ipinasailalim ang gusali ng munisipyo ng bayan ng Jamindan sa Enhanced *Community Quarantine (ECQ) o lockdown* ngayong araw Agosto 31, 2020 matapos magpositibo ang resulta ng RT-PCR test ng alkalde ng bayan.

Sa panayam sa hepe ng Inter-Agency Task Force o IATF ng Jamindan, sinabi ng hepe na kasabay sa pagsara ng munisipyo ay ang pagsuspende rin ng operasyon ng *medical, dental at birthing clinic* ng bayan hanggang sa matapos ang *pagdisinfect* ng pasilidad.

Ayon pa rito ang serbisyo ng *Municipal Health Unit (MHU*) at *MDRRMO* ay mananatili sa pagresponde sa mga biktima ng *COVID 19* at anomang gawain kaugnay dito.

Dagdag pa dito, sinabi rin ng hepe ng *IATF* na ang *PNP* at *BFP* ay manantili ang serbisyo bilang mga frontliners samantalang ang mga kawani ng munisipyo ay magtatrabaho mula sa bahay *o work from home*.

Conlu, M.D. (2020). *Munisipyo ng Jamindan Pinasara*,
Hindi Nailathala na Manuskrito

10.Sa kabuuan, ano ang iyong reaksiyon tungkol dito?

A. 

C. 

B. 

D. 

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Ibigay ang sariling opinyon sa isang usapan. Pakinggang mabuti habang binabasa ng magulang o kamag- anak. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

***Linggo ng umaga habang nanonood ng telebisyon si Nory, tumunog ang telepono.***

**Nory:** *Hello!* Magandang umaga. Sino po sila?

**Lani:** *Hello!* Si Lani ito Nory. Alam mo bang hindi matutuloy ang pasukan sa Agosto 24?

**Nory:** Bakit naman?

**Lani:** Ayon sa usap-usapan, natatakot ang mga magulang para sa kanilang mga anak. Wala pa kasing *vaccine* kaya ipagpaliban na lang daw ang pasukan.

**Nory:** Aba Lani sayang naman ang taon.

**Lani:** Mas mabuti na iyon Nory kaysa mamamatay naman tayo dahil sa pandemyang *COVID-19.*



Binabati kita kaibigan, sapagkat natapos at napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Nakatitiyak akong magagamit mo ang iyong napag-aralan sa pang – araw – araw na pamumuhay. Muli tayong magkita sa **Modyul 14: Gamit ng Pangkalahatang Sanggunian sa Pananaliksik**

Sa muli, ito ang iyong kaibigang si Kokoy. Paalam!

**Tala para sa Guro**

Iwawasto ng guro ang posibleng sagot ng mag-aaral

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

1. D
2. D
3. D
4. C
5. D

**BALIKAN**

1. Ang Niyog
2. Ang pamilyang Pilipino

**TUKLASIN**

1. D

**Pagyamanin**

| GAWAIN 2 | GAWAIN 3.A | GAWAIN 3 B at C |
|---|---|---|
| Nakadepende sa mag-aaral ang sagot | 1. C | Nakadepende sa mga mag-aaral ang sagot |

**ISAISIP**

- Sa pagbibigay ng opinyon o reaksiyon sa mga isyu, balita at usapan ay makabubuti kung tayo ay may sapat na kaalaman sa paksang pinag-uusapan upang masusing mapagtimbang-timbang ang mga bagay at maging katanggap-tanggap ang ating mga opinyon. Sa pagbibigay ng opinyon, kailangan din nating igalang ang opinyon ng ibang tao
- Ang pagbibigay ng reaksiyon ay mahalaga sa anomang kaisipang nabasa o narinig maging ito ay sumasalungat o sumasang-ayon upang mapalawak at mabigyang diin ang kaisipang ipinapahayag sa anomang binabasa. Bawat isa ay may karapatan at kalayaan na magpahayag ng sariling opinyon tungkol sa napakinggang isyu, balita at usapan.

**ISAGAWA**

1.C
2.C
3.D
4.C
5.D

**TAYAHIN**

| | |
|---|---|
| 1. D | 6. C |
| 2. D | 7. B |
| 3. B | 8. D |
| 4. A | 9. D |
| 5. D | 10. D |

**KARAGDAGANG GAWAIN**

1 Nakadepende sa mag-aaral ang sagot

## *Sanggunian*


- *Most Essential Learning Competencies (MELCs)- **(F6PS- lj-1)***
- *K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino*
- *Sariling katha*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph